



# Nayon ng mga Lawa ng Rideau

[www.twprideaulakes.on.ca](http://www.twprideaulakes.on.ca)

Ang Nayon (Township) ng Rideau Lakes ay may maraming mga lakas at ang mga oportunidad nito para sa kinabukasan ay nakasandig sa pagkakaiba-iba ng populasyon nito, aktibidad na pang-ekonomiko at heograpiya. Ang pangingsda, turismo, at mga industriyang pangserbisyo ang bumubuo ng lakas ng lokal na ekonomiya. Ang isa sa pinakamalakas na pang-akit ng komunidad ay ang kasaganaan nito sa mga magagandang tanawing mga lawa. Ito ay may 500 mga kilometro (310 mga milya) ng baybayin, hindi kabilang ang Rideau Waterway. Ang pagpapaunlad ng aplaya ay nagpapaliwanag sa karamihan ng mga aktibidad ng pagtatayo. Noong maagang bahagi ng 2010, ang nayon ay nagbigay ng aprobasyon sa mga aplikasyon para sa lugar para sa mga proyekto ng solar na pagsasaka sa dalawang mga lokasyon.



Ang bawat komunidad sa Rideau Lakes ay mayroong bagay na maihahandog. Ang Portland ang pasukan sa Malaking Lawa ng Rideau (Big Rideau Lake). Ang Newbor ay ipinapalagay na isang kanlungan para sa mga mamimingwit. Ang lokal na mga residente at mga bisita ay sumasang-ayon na ang Chaffeys Locks ay nagbibigay ng paggamit sa tubig sa isa sa pinakamapayapang mga kapaligiran. Ipinagmamalaki ng Delta ang Lumang Gilingang Bato (Old Stone Mill), isang Pambansang Makasaysayang Lugar ng Canada (National Historic Site of Canada) na itinayo noong 1810. Ang Elgin ang ipinalalagay na sentro ng nayon sa pamimili. Ang panlalawigang alindog ng aming maliliit na mga baranggay at mga nayon, kabilang ang Chantry, Crosby, Forfar, Lombardy, Morton, Plum Hollow at Philipsville ay isa pang karagdagan sa komunidad na ito.

Buong Populasyon: 10,326 (Statistics Canada Census 2016)  
Katamtamang Temperatura ng Enero: -8 °C (27 °F)  
Katamtamang Temperatura ng Hulyo: 26 °C (70 °F)  
Karaniwang Ulan Taon-taon: 784 mm rain, 198 cm snow  
Per Capita na Kita: \$ 82,725  
Karaniwang Kita ng Sambahayan: \$ 95,437  
Karaniwang Antas ng Pagkawala ng Trabaho: 5-6 %  
Mga Taong Nasa Hustong Gulang na May Mataas na Paaralang Edukasyon: 2,2,640  
Mga Taong Nasa Hustong Gulang na May Kolehiyo o Unibersidad na Diploma: 5,015  
Karaniwang Buwanang Halaga ng Upa ng 2 Kuwartong Apartment: \$794  
Silid-tulugan ng average 3 hiwalay bunggalo: \$325,163



## Karagdagang Impormasyon:

Michael Dwyer, Pinunong Opisyal Pang-administratibo  
Nayon ng mga Lawa ng Rideau

1439 County Road 8, Delta, Ontario K0E 1G0 Canada  
613-928-2251 / [info@twprideaulakes.on.ca](mailto:info@twprideaulakes.on.ca)



where lifestyle  
grows good business

[www.leedsgrenville.com](http://www.leedsgrenville.com)



Leeds & Grenville  
IMMIGRATION  
PARTNERSHIP

[www.NewcomersInfo.ca](http://www.NewcomersInfo.ca)